Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

**OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN**

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALALCAO, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG NOBYEMBRE 5, 2015 SA SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL

**MGA DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Teresita S. Bantugan | - | Tagapamanihala ng Pulong |
| Kgg. German S. Acosta | - | Konsehal |
| Kgg. Gideon B. Abuel | - | -do- |
| Kgg. Emelita A. Osorio | - | -do- |
| Kgg. Edwin C. Aceron | - | -do- |
| Kgg. Senen C. Familara | - | -do- |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | - | -do- |
| Kgg. Dennes M. Faner | - | -do- |
| Kgg. Ramon G. Magbanua | - | Sang. Bayan Member |
| Kgg. Tulay M. Caring | - | IPs Representative |

**HINDI NAKADALO:**

Kgg. Enrico C. Villas - Pangulo, Liga ng mga Brgy.

x-----------------------------------------------------x

## KAPASYAHAN BLG. 15-11-125

**PAGPAPAHAYAG NG TAUS-PUSONG PAKIKIDALAMHATI AT PANGUNGULILA NG PAMAHALAANG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO SA PAGYAO NG NAMAYAPANG DATING PANGALAWANG PUNONG BAYAN, LUDOVICO CONTRERAS SILANG**

**"SAPAGKAT,** isang malungkot na balita ang natanggap ng mamamayang Bulalacao noong umaga ng araw ng Linggo, ika-1 ng Nobyembre, 2015 na ang dating Pangalawang Punong Bayan, Kgg. Ludovico Contreras Silang ay sumakabilang buhay na sanhi ng malubhang sakit;

**"SAPAGKAT,** si Vice Ludy na siyang mapitagang itinatawag sa kanya ay kilala bilang magaling na Presiding Officer ng Sanggunian kung kaya hindi nakapagtataka na nanatili siya sa posisyong ito sa loob ng tatlong (3) termino at noong 2001 hanggang 2004 ay muli siyang nahalal sa parehong posisyon;

**"SAPAGKAT,** bilang Presiding Officer ng Sanggunian, ay taglay niya ang mga positibong katangian ng isang pinuno; matatag, may prinsipyo, binabalanse ang bawat opinyon at isyung tinatalakay , istrikto subalit, mabait na bosing at magaling na tagapakinig sa mga pangangailangan at hinaing ng kanyang tauhan at tanggapan;

**"SAPAGKAT,** sa kabila ng kanyang maayos na katayuan sa buhay at sa mataas na katungkulan sa pamahalaan, si Vice Ludy ay nanatiling simple at payak, nakikisalamuha sa lahat ng tao anuman kababa ang antas sa buhay nito sa lipunan, barkada ng lahat, mangyan o tambay ka man at palaging bukas ang tahanan sa lahat ng nangangailangan, ito marahil ang dahilan kung bakit nanatili siyang binata upang malaya at higit siyang makapagsilbi sa iba;

CamScanner

**"SAPAGKAT"**, lubhang napakahaba at malawak na ang naging ambag ni dating Pangalawang Punong Bayan Ludovico Contreras Silang sa ibat-ibang aspeto ng bawat paghakbang ng ating bayan at kabutihang idinulot niya sa kanyang mga kasama at sa kanyang pampublikong gawain at ang kanyang pagpanaw ay nagbigay ng masidhing kalungkutan at pighati subalit, kaligayahan na rin at tagumpay para sa isang napakabuting tao na siya ay isiping naitanghal at kupkop na ng mapagpalang kamay ng Poong Maykapal na Siyang lumikha ng lahat; **KUNG KAYA'T DAHIL DITO;**

**PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA; NA:** Magpahayag ng taus-pusong pakikidalamhati at pangungulila ng Pamahalaang Bayan ng Bulalacao, Silangang Mindoro sa pagyao ng namayapang dating Pangalawang Punong Bayan Ludovico Contreras Silang;

**SA MUNGKAHI** ng lahat ng mga konsehales, ang kapasyahang ito ay;

**PINAGTIBAY":** Nobyembre 5, 2015, Bulalacao, Silangang Mindoro.

---

**KGG. GERMAN S. ACOSTA**
Konsehal

**KGG. GIDEON B. ABUEL**
Konsehal

**KGG. EMELITA A. OSORIO**
Konsehal

**KGG. EDWIN C. ACERON**
Konsehal

**KGG. SENEN C. FAMILARA**
Konsehal

**KGG. DEXTER R. GONZALES**
Konsehal

**KGG. DENNES M. FANER**
Konsehal

**KGG. RAMON G. MAGBANUA**
Konsehal

**KGG. TULAY M. CARING**
IPs Representative

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**KGG. TERESITA S. BANTUGAN**
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**KGG. EDNA C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa: 11-6-15